TAGALOG

Kadalasang Tinatanong Tungkol sa Kasalukuyang Pangangailangan para Makapagtapos

(1) Kung ang mag-aaral ay nagsisikap na makakuha ng diploma – ibig sabihin na sila ay nakapasa sa WASL o sa isang pinayagang pagpipilian para sa bawat asignatura maliban sa matematika at patuloy na kumukuha ng mga klase sa matematika para makapagtapos – anong antas ng matematika ang kailangan nilang kunin?

Mga klase na nasa pinakamababa na nakahanay sa ika-9 at ika-10 na grado ng GLEs. Ito ay maaring kabilangan ng mga klase gaya ng Integrated Math I at II, Applied Math II at III, at Pathways math.

(2) Kailangan bang makapasa ang mag-aaral sa mga klase sa matematika ng mas mataas sa dapat makuha na grado?

Hindi. Ang kailangan lamang ay "makapasa" ang mag-aaral sa kurso, hind kailangan na sila ay makapasa ng may marka na A o B (o kahit na C). Kung ang mag-aaral ay nakakuha ng "D" sa kurso sa matematika, siya ay nakapasa, gayunpaman, tutulungan ng kawani na tagapayo ang mag-aaral para alamin kung kailangan nilang kumuha ng ibang kurso ng masiguro ang pag-unlad ng kasanayan, halimbawa ay kung sila ay nakakuha ng "D" sa Integrated Math II, maari silang kumuha ng Applied Math II kaysa kumuha ng Integrated Math III.

(3) Paano ang mga mag-aaral sa ELL, kailangan pa ba nilang kumuha ng WASL para makapagtapos?

Iminungkahi ng Batasan ng Estado ang isang batas na hindi na kumuha ang mga mag-aaral sa ELL na hindi nakapasa sa Washington Language Proficiency Test na kumuha ng WASL, ngunit iyon ay hindi pinayagan ng Gobernador. Sa ngayon, ang mga mag-aaral sa ELL ay kinakailangang makamit ang kailangang makamit ng mga mag-aaral sa pangkalahatang edukasyon, kabilang ang pagpasa sa WASL o isang pinayagang pagpipilian na kurso.

(4) Paano ang mga mag-aaral na lumipat mula sa ibang estado?

Ang mga mag-aaral na may ipinasang marka sa ibang pagsusulit sa ibang estado para sa NCLB ay hindi na kinakailangang kumuha ng WASL. Sila ay makakatanggap ng diploma, hindi CAA o CIA.

(5) Ngayon na ang Culminating Project ay isa sa kinakailangan sa estado, maari ba itong isuspindi ng punong-guro?

Hindi, ngunit ang pangkat ng SIT o IEP ay maaring pumili na magbigay ng binagong proyekto para sa mga mag-aaral na may kapansanan.

(6) Paano kung ang mga mag-aaral ay kumukuha ng Running Start? Ang pagkuha ba ng English 101 o 102 ay maaring ipalit para matapos ang Culminating Project?

Hindi. Ang paaralan ay maaring pumayag na ang mga mag-aaral na kumukuha ng Running Start na magbigay ng papel para makumpleto ang English 101 at 102 bilang bahagi ng Culminating Project, ngunit ang pagkuha ng mga kursong ito ay hindi maaring ipalit para makumpleto ang proyekto. Halimbawa, kung ang paaralan ay may proyekto na kailangang idepensa na kung saan ang bawat mag-aaral ay kailangang magtanghal ng sinaliksik na papel sa isang lupon, ang paaralan ay maaring pumayag na ang isang mag-aaral sa Running Start na magbigay ng papel na ibinigay din para sa klase ng Running Start bilang kanilang sinaliksik na papel, ngunit ang mag-aaral ay kailangan pa rin na humarap sa lupon.